22120226

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Tuesday 15 May 2012 (morning)
Mardi 15 mai 2012 (matin)
Martes 15 de mayo de 2012 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is *[25 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à amener des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[25 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.
- No se permite traer a la sala de examen copias de las obras estudiadas.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[25 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

*Sagutin ang* ***isa*** *lamang tanong pangsanaysay. Ibatay ang iyong sagot sa kahit man lamang dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay ng isang akda mula sa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo o kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** Hanggang saan mo masasabing ang nobela ay pagsisiyasat sa kondisyon ng pagiging tao? Ibatay ang iyong sagot sa kahit man lamang dalawang nobelang iyong napag-aralan.

**2.** Paghambingin kung paano at sa anong epekto inilarawan ng mga manunulat ang paksa ng paglisan at/o pagkawala sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**Maikling Kwento**

**3.** Sa anong mga paraan at para sa anong mga layunin isinagawa ng mga magkaibang manunulat na iyong napag-aralan ang pagkilala sa kahalagahan ng kontexto para sa mas buong pag-unawa at pagbasa ng kanilang mga akda?

**4.** Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin ang mga kasangkapang pampanitikang ginamit ng mga manunulat sa pagpapahiwatig ng pag-asa sa kabila ng mga problema, personal man o panlipunan, na kinakaharap ng kanilang mga tauhan.

**Dula**

**5.** Sa dula, kalahok din ang mga manonood sa produksyon ng kahulugan. Batay sa pahayag na ito, paghambingin ang kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan na nagpapagkita kung paano at hanggang saan naisasama ng mga mandudula ang kanilang mga mambabasa o manonood sa proseso ng paglikha ng kahulugan.

**6.** Paghambingin kung paano itinuring ng mga manunulat ang tema ng pakikibaka sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**Tula**

**7.** Sa isang tula, kahit ang pinakamaliit na elemento ay hindi maisasantabi pagkat lahat ay mahalaga sa pagtuklas ng kahulugan. Talakayin kung gaano katotoo ang pahayag na ito batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang makata na iyong napag-aralan.

**8.** Paghambingin ang gamit ng musika at/o mga elemento ng musika sa mga akda ng kahit man lamang dalawang makatang iyong napag-aralan.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**9.** Tasahin kung paano at gaano kamapanghikayat ang mga magkakaibang manunulat na iyong napag-aralan sa paglahad sa kanilang mambabasa ng mga bagong ideya o bagong kaalaman o bagong paraan ng pag-iisip sa kanilang mga akda.

**10.** Paghambingin kung paano at sa anong mga layunin isinisiwalat ng mga manunulat ang mga uri ng diskriminasyon sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**Panlahat na mga Tanong**

**11.** Sa anong pangangatwiran mo mailalarawan na ang kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan ay "nakaangkla sa alaala" o "isang akto ng paggunita"?

**12.** Hanggang saan mo masasabi na sa panitikan, ang pahiwatig na nagbubunsod ng panloob na repleksyon ay higit na makapangyarihan kaysa lantad na pagpapahayag ng tema at pangangaral? Ibatay ang iyong diskusyon sa kahit man lamang dalawang akdang pampanitikang iyong napag-aralan.

**13.** "Laging para sa sining lamang ang konstruksyon ng isang akdang pampanitikan." Talakayin ang iyong pagsang-ayon o pagtutol sa pahayag na ito batay sa kahit man lamang dalawang akdang pampanitikan na iyong napag-aralan.

**14.** Paghambingin ang paraan ng paggamit ng ironya sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan para sa pagbigay ng ibang anggulo sa isang partikular na karanasan o ng sariwang perspektiba sa isang kalagayang pantao.